


Araling Panlipunan

Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Ang Kahalagahan ng Iba't Ibang Rehiyon at Sektor sa Pagsulong ng Kamalayang Pambansa



Araling Panlipunan – Ikalimang Baitang

Alternative Delivery Mode

Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Ang Kahalagahan ng Iba't Ibang Rehiyon at Sektor sa Pagsulong ng Kamalayang Pambansa Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Loida Ladres-Castaños, Marlon D. Lopez, Juvelyn P. Telen, Peter R. Feji, Rashel V. Miro, Bernard M. Ventenilla Jr.
Editor:	Jaime Leon T. Cardona, Evangeline A. Gorduiz
Tagasuri:	Emmanuel A. Gerardo, Ma. Morena A. Bendulo
Tagaguhit:	Leonila Rhea R. Tolibas
Tagalapat:	Nadir M. Beringuel, Jera Mae B. Cruzado
Tagapamahala:	Ma. Gemma M. Ledesma Bebiano I. Sentillas Rosemarie M. Guino Joy B. Bihag Ryan R. Tiu Nova P. Jorge Pedro T. Escobarte Jr. Joel A. Zartiga Liza L. Demeterio Eduardo E. Legantin

Inilimbag sa Pilipinas ng

Department of Education – Region VIII

Office Address: Government Center, Cadahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 – 832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

Araling Panlipunan

Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Ang Kahalagahan ng Iba’t Ibang Rehiyon at Sektor sa Pagsulong ng Kamalayang Pambansa

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Alam mo ba kung ano ang naging reaksiyon ng ating mga ninuno sa pananakop ng mga Espanyol sa ating bansa? Marahil ito ay marahas ngunit ito ay makatarungan. Hayaan mong tulungan ka ng modyul na ito upang masagot ang mga katanungan at mabatid ang katotohanan.

Sa modyul na ito ay matututuhan mo ang mga pag-aalsang naganap sa panahon ng Kolonyalismong Espanyol.

Sa modyul na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

- Natatalakay ang partisipasyon ng iba't ibang rehiyon at sektor sa pagsulong ng kamalayang pambansa;
- Naitatala ang partisipasyon ng iba't ibang rehiyon at sektor sa pagsulong ng kamalayang pambansa ; at
- Napapahalagahan ang partisipasyon ng iba't ibang rehiyon at sektor sa pagsulong ng kamalayang pambansa.



Subukin

A. Panuto: Isulat sa sagutang papel ang **TAMA** kung ang pangungusap ay nagpapakita ng tamang pahayag, at **MALI** kung hindi.

- ___ 1.) Nagpakita ng pagtutol ang mga Pilipino sa mga pagmamalabis dulot ng maling pamamalakad ng mga pinunong Espanyol.
- ___ 2.) May ilang kababaihan na nakibaka laban sa mga Kastila.
- ___ 3.) Ang Kristiyanismo ay hindi lubusang lumaganap sa buong kapuluan.
- ___ 4.) Ilan sa mga tinugunang isyu ng mga Pilipino ay ang baluktot na sistema ng monopolyo sa tabako, maling patakarang pang-agraryo, at hindi pantay na pagtingin sa mga Pilipino.
- ___ 5.) Ang mga Pilipino ay may damdaming makabayan.

B. Alin ang naiba? Isulat sa sagutang papel ang salitang hindi kabilang sa pangkat.

6. Magat Salamat, Marin Pangan, Juan Banal, Diego Silang
7. Pag-aalsa ni Apolinario dela Cruz, Pag-aalsang Basi, Pag-aalsa ni Almazan, Pag-aalsang Agraryo
8. Pag-aalsa ng mga Igorot, Pag-aalsa ni Malong, Pag-aalsa ni Itneg, Pag-aalsa ni Dagohoy
9. Batangas, Laguna, Davao, Cavite
10. Tapar, Tamblot, Lakandula, Bankaw

Aralin

1

Ang Kahalagahan ng Partisipasyon ng Iba't Ibang Rehiyon at Sektor sa Pagsulong ng Pambansang Kamalayan

Dahil sa pag-aabuso ng kapangyarihan at pagmamalabis ng mga Espanyol sa panahon ng kolonyalismo ay naging mitsa ito sa mga pag-aalsa ng mga Pilipino at nagpukaw ng masidhing damdamin upang labanan ang mga mananakop.



Balikan

Panuto: Natatandaan mo pa ba ang mga pangyayari at naranasan ng mga Pilipino sa ilalim ng pamahalaang Kastila at ang kanilang pagtutol sa Monopolyo ng Tabako? Isulat sa sagutang papel ang **TAMA** kung ang ipinapahayag ay totoo at **MALI** naman kung hindi.

- _____ 1.) Ang monopolyo sa tabako ay ipinatupad bilang pinagkukunan ng karagdagang kita sa bansang Pilipinas.
- _____ 2.) Ginawang bahagi ng programang ekonomiko ni Jose Basco ang produksiyon ng tabako.
- _____ 3.) Patuloy ang pagmamalabis ng mga Espanyol sa mga Pilipino sa ilalim ng monopolyo.

- _____4.) Pinangunahan ni Magalat ng Cagayan noong 1596 ang pag-aalsa laban sa mga Espanyol.
- _____5.) Sa taong 1882, naging tuluyan ng ipinatigil ang operasyon ng monopolyo sa Pilipinas.



Mga Tala para sa Guro

Ang modyul na ito ay para sa ating mga mag-aaral na higit na nangangailangan ng tulong upang mas lalong maintindihan ang mga aralin sa panahong hindi sila nakadalo sa talakayan. Patnubay ng guro ay lubos na kailangan upang maihatid ang dunong na kinakailangan ng bawat mag-aaral upang maitawid ang pansariling kaunlaran at maging kapaki-pakinabang sa pamayanan.

Ang susunod na gawain ay taglay ang iba't ibang kasanayan at bagong kaalaman upang matulungan ang ating mga mag-aaral na mapaunlad ang sarili at maipamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa kultura at kasaysayan ng ating bansa.

Hayaan ang mag-aaral na gawin ang iba't ibang kasanayan na walang pagkaantala. Ipagawa ang mga gawain nang malaya, subalit ang mabisang pagdaloy ay kailangan.



Tuklasin



Paano mapagtutulungan ng mga mamamayan na maalis ang mga hadlang sa pag-unlad ng kabuhayan sa bansa? Paano maipapakita ang tunay na diwang makabayan?

(Tolibas, N.D.)

Kailanman ay hindi nasakop ng mga Espanyol ang ilang mga katutubong Pilipinong nanirahan sa mga bulubundukin ng Luzon. Kahit walang makabagong armas, matagumpay nilang naitaboy ang mga mananakop.



Suriin

Ang Kahalagahan ng Partisipasyon ng Iba't Ibang Rehiyon at Sektor sa Pagsulong ng Kamalayang Pambansa

Ang mga patakaran at pagbabagong ipinatupad ng mga Espanyol sa Pilipinas ay umani ng iba't ibang pagtuligsa mula sa mga katutubo. Habang ang iba ay naging masunurin nang mabinyagang Kristiyano, ang ilan naman ay nagpakita ng pagtutol sa mga pagmamalabis dulot ng mga maling pamamalakad ng mga pinunong Espanyol, mapang-abusong patakaran, at mga pangyayari sa loob ng bansa na nakaapekto sa pamumuhay ng mga Pilipino.

Ilan sa mga tinugunang isyu ng mga Pilipino ay ang baluktot na sistema ng monopolyo sa tabako, maling patakarang pang-agraryo, hindi pantay na pagtingin sa mga Pilipino sa ilalim ng Kristiyanismo, at ang saglit na pananatili ng mga *British* sa Pilipinas.

Ang hindi makatarungang pamumuno na ito ng mga Espanyol ay humantong sa tahasang pagtutol ng mga Pilipino. Ilan sa kanilang mga tinutulan ay ang mataas na buwis, sapilitang paggawa, diskriminasyon sa lipunan, at malupit na pamamalakad ng mga prayle at pinunong Espanyol. Ang mga pag-aaklas na ito ay nilahukan ng mga katutubong buhat sa iba't ibang sektor ng lipunan at mga liblib na lugar sa Pilipinas, at maging mga binyagang-Katoliko na nakaranas ng kalupitan ng mga Espanyol. Ang pag-aalsa ni Lapu-Lapu, hari ng Mactan, laban kay Ferdinand Magellan ang kauna-unahang naitalang pagpapakita ng pagtutol ng mga Pilipino sa pananakop ng mga Espanyol. Mahahati ang mga pag-aalsang isinagawa ng mga Pilipino sa tatlong kadahilanan — **politikal**, **panrelihiyon**, at **ekonomiko**.

A. PAG-AALSANG POLITIKAL					
<i>Pag-aalsa</i>	<i>Taon</i>	<i>Pook na Pinangyarihan</i>	<i>Dahilan ng Pag-aalsa</i>	<i>Pinuno</i>	<i>Resulta</i>
Lakandula	1574	Tondo, Navotas	Hindi pagtupad ni Gobernador-heneral Lavezares sa mga pangakong binitiwang ni Legazpi kay Lakandula.	Lakandula	Bigo
Tondo	1587-1588	Tondo	Hangarin sa Kalayaan	Magat Salamat,	Bigo Natuklasan nang maaga

				Martin Pangan, Juan Banal, Pedro Balingit	ang kanilang balak at ipinapatay o ipinatapon ang mga pinuno.
B. PAG-AALSANG PANRELIHIYON					
Igorot	1601	Hilagang Luzon	Pagnanais ng kalayaan sa pananampalataya		Bigo
Bankaw	1621	Leyte	Pagnanais ng kalayaan sa pananampalataya	Datu Bankaw	Bigo. Nasupil ang kanilang rebelyon at pinugutan ng ulo si Bankaw.
Tamblot	1621-1622	Bohol	Pagnanais na iwanan ang Katolisismo at bumalik sa katutubong rehiyon.	Tamblot	Nasugpo ng mga Espanyol at Kristiyanong Cebuano.
Itneg	1625-1627	Cagayan; Apayao	Pagnanais ng kalayaan	Miguel Lanab; Alababan	Bigo
Tapar sa Panay	1663	Panay	Naghangad na magtayo ng bagong sangay ng Kristiyanismo sa bayan ng Oton kung saan ay kikilalanin siya bilang Diyos na makapangyarihan.	Tapar	Bigo. Agad na nasupil at pinapatay ang mga lumahok sa rebelyon.
Pampanga	1585	Pampanga	Pagmamalabis ng mga <i>Encomendero</i>		Bigo Ipinagkanulo ng isang babae ang pagbalak na pag-aalsa. Hinuli ang mga pinuno.
Dagohoy	1774-1828	Bohol	Pagtanggi ni Padre Morales na ilibing ang kapatid ni Dagohoy sa sementeryo ng mga Katoliko. Itinuturing na pinakamahabang pag-aalsa ang naganap sa kasaysayan.	Francisco Dagohoy	Bigo
Hermano Pule	1840-1841	Quezon	Dahil sa pagiging katutubo, si Pule ay tinanggihan ng mga Kastila na maging	Apolinario dela Cruz o Hermano Pule	Bigo Dinakip si Hermano Pule

			isang pari. Nagtatag si Pule ng isang kapatirang panrelihiyon, ang Confradia de San Jose na hindi pinayagan ng pamahalaan at iniutos na buwagin.		at pinatawan ng kamatayan
C. PAG-AALSANG EKONOMIKO					
Magalat	1596	Cagayan	Pagmamalabis ng mga kolektor ng tribute	Magalat	Bigo. Pinapatay ang mga pinuno.
Ladia sa Malolos, Bulacan	1643	Bulacan	Kinumpiska ang kanyang mga ari-arian ng mga Espanyol na nagtulak sa kanya na mag-alsa.	Pedro Ladia	Bigo. Dinakip at dinala siya sa Maynila kung saan si-nentensiyahan ng kamatayan.
Sumuroy	1649-1650	Cavite, Mindanao, Bicol, Cebu, Masbate, Camiguin, Zamboanga	Nagsiaklas sila laban sa <i>polo y servicio</i> sa Samar kung saan ang mga Waray ay ipinadala sa mga pagawaan ng barko sa Cavite, malayo sa kanilang tirahan.	Juan Ponce Sumuroy	Bigo. Nasupil nang madakip at ipapatay ng mga Espanyol si Sumuroy.
Maniago	1660-1661	Pampanga	Pagtutol ng mga Kapampangan sa sapilitang paggawa ng mga galyon at sa hindi pagbabayad ng pamahalaan sa mga biniling palay mula sa mga magsasaka.	Francisco Maniago	Bigo
Pangasinan	1660-1661	Pangasinan	Nag-ugat sa hindi pagbabayad ng mga Espanyol ng kaukulang sahod sa libo-libong katutubong nagtatrabaho sa pagawaan ng barko.	Andres Malong	Bigo. Agad nasupil ng mga Espanyol
Ilocos Norte	1661	San Nicolas, Laoag, Ilocos Norte	Pagsuporta sa ipinaglaban ni Malong ng Pangasinan.	Don Pedro Almazan, Juan Magsanop	Bigo. Nadakip si Almazan at ibinigti sa plaza
Agraryo	1745-1746	Bulacan, Moron (Rizal), Cavite, Laguna, Batangas	Pang-aagaw ng mga lupaing-ari ng mga magsasaka ng mga prayle	Matienza	Bigo

Silang	1762-1763	Ilocos	Pagnanais na palayasin ang mga Espanyol sa bansa.	Diego Silang, Gabriela Silang	Bigo. Pinatay si Diego Silang ni Miguel Vicos, isang kaibigan. Ipinapatuloy ni Gabriela ang pag-aalsa ngunit siya ay nahuli.
Basi	1807	Ilocos Norte	Monopolyo ng pamahalaan sa paggawa ng basi.	Pedro Ambaristo	Bigo. Natalo ang rebelyon ng mga sundalong Espanyol.

Ang pag-aalsa ay naganap dahil sa pagnanais na maging malaya. Bukod pa dito, ang pag-aalsa ay nagpakita ng pagtutol sa mga patakarang ekonomiko, politikal, at panrelihiyon ng mga mananakop na Espanyol.

Hindi naging matagumpay ang mga naunang pag-aalsa ngunit ipinakita ng mga sinaunang Pilipino ang kanilang katapangan. Malinaw na handa silang magbuwis ng kanilang buhay upang makamit ang kalayaan. Pinapahalagahan sa panahong ito ang kakayahan ng mga Pilipino na mag-isip para sa ikabubuti ng sarili at lipunan.



Pagyamanin

Panuto: Sumulat ng isang talata na may tatlo (3) hanggang sa limang (5) pangungusap tungkol sa paksang: Bilang isang kabataan sa makabagong henerasyon, paano mo maipapakita ang iyong pagpapahalaga sa partisipasyon ng iba't ibang rehiyon at sektor sa pagsulong ng kamalayang pambansa? Isulat sa sagutang papel.

RUBRIK SA PAGMAMARKA

INDIKASYON	ISKOR
1. Kaangkupan, linaw at tugma sa paksa	
2. Kagalingan/husay ng pagkakasulat	
3. Organisasyon ng ideya at lohikal na presentasyon ng paliwanag	
4. Pangkabuoang <i>impact</i> o dating sa mambabasa	
Kabuoang Iskor _____	

Katumbas na Interpretasyon:

Iskala	Katumbas na Interpretasyon
5	Napakahusay
4	Lubhang kasiya-siya
3	Kasiya-siya
2	Hindi gaanong kasiya-siya
1	Dapat pang linangin



Isaisip

Ang pag-aalsa ay naganap dahil sa pagnanais na maging malaya. Hindi man naging matagumpay ang mga naunang pag-aalsa ngunit ipinakita ng mga sinaunang Pilipino ang kanilang katapangan. Malinaw na handa silang magbuwis ng kanilang buhay upang makamit ang kalayaan.

Pinapahalagahan sa panahong ito ang kakayahan ng mga Pilipino na mag-isip para sa ikabubuti ng sarili at lipunan.



Isagawa

Itala sa kahon ang mga pangalan ng mga namuno sa pag-aalsa na nakasulat sa ibaba sa bawat hanay ng pag-aalsa. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Tamblot	Lakandula	Sumuroy
Dagohoy	Silang	Magat Salamat
Maniago	Juan Banal	Hermano Pule

Pag-aalsang Politikal	Pag-aalsang Ekonomiko	Pag-aalsang Panrelihiyon
1.	1.	1.
2.	2.	2.



Tayahin

- A. **Panuto:** Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa sagutang papel.
- Bakit nag-alsa sa mga Espanyol si Hermano Pule?
 - Dahil gusto niyang ibalik ang dating relihiyon.
 - Dahil tinanggihan siyang maging pari sa kadahilanang siya ay isang katutubo
 - Dahil tinanggihan ng isang pari na mailibing sa Kristiyanong pamamaraan ang kanyang kapatid.
 - Dahil nais ng pari na magbigay sila ng abuloy sa simbahan.
 - Dahil sa pagmamalabis ng mga Espanyol kaya nag-alsa sina Diego at Gabriela Silang. Ano ang uri ng dahilan ng kanilang pag-aalsa?
 - Pampulitika
 - Panrelihiyon
 - Ekonomiko
 - Encomienda*
 - Ang namuno sa pinakamatagal na pag-aalsa ay si_____.
 - Juan Sumuroy
 - Diego Silang
 - Hermano Pule
 - Tamblot

- 4.) Bakit nag-alsa ang mga Datu ng Tondo?
- A.) Dahil sa kalupitan ng mga Espanyol
 - B.) Dahil gusto nilang mabawing muli ang kanilang kalayaan at karangalan
 - C.) Dahil sa hindi sila Kristiyano
 - D.) Dahil sa lupang sinaka
- 5.) Ang mga sumusunod ay mga dahilan ng pag-aalsa ng mga Pilipino maliban sa isa.
- A.) Pagbawi sa pinagkait na kalayaan
 - B.) Kahigpitan sa relihiyon
 - C.) Sapilitang paggawa
 - D.) Kakulangan ng armas

B. **Panuto:** Maraming dahilan kung bakit may pag-alsang naganap sa panahon ng kolonyalismong Espanyol. Isulat ang **FACT** kung ang dahilan ay tama at **BLUFF** kung ang dahilan ay mali. Isulat ito sa sagutang papel.

- ____ 1.) **Pag-aalsang Dagohoy** - Pagtanggì na ilibing ang kapatid sa sementeryo ng mga Katoliko.
- ____ 2.) **Pag-aalsang Basi** - Ipinagbawal ng mga Espanyol ang paggawa at pagbebenta ng basi o alak mula sa kanilang produktong tubo.
- ____ 3.) **Pag-aalsang Tapar** - Nalaman niya ang pakay ng mga Espanyol ang pagsakop sa kanyang bayan at nakawin ang mga likas na yaman.
- ____ 4.) **Pag-aalsang Sumuroy** - Sapilitang paggawa o *polo y servicio* na walang kaukulang bayad.
- ____ 5.) **Pag-aalsang Maniago** - Pagtutol ng mga Kapampangan sa sapilitang paggawa ng mga galyon at sa hindi pagbabayad ng pamahalaan sa mga biniling palay mula sa mga magsasaka.



Karagdagang Gawain

Panuto: Ipagpalagay na ikaw ay visitador na mag-uulat sa hari ng Espanya. Paano mo ibabalita sa kaniya ang pamamahala ng mga Espanyol sa Pilipinas batay sa iyong natutuhan sa araling ito? Isulat ang iyong liham sa sagutang papel. Gawing gabay sa pagtupad ng tungkulin ng mag-aaral ang sumusunod na rubrik.

Rubrik sa Pagmamarka ng Liham		
Deskripsiyon	Puntos	Nakuhang Puntos
Wasto ang impormasyong nakapaloob sa liham	8	
Naipahiwatig sa liham ang pananaw hinggil sa pamamalakad ng pamahalaang kolonyal sa Pilipinas at reaksiyon ng mga Pilipino rito	5	
Mahusay ang pagkasulat ng liham	2	
Kabuuang Puntos	15	



Susi sa Pagwawasto

Pagyaanan	Tayahin A	1.) B 2.) C 3.) B 4.) B 5.) D	Tayahin B	1.) FACT 2.) FACT 3.) BLUFF 4.) FACT 5.) FACT	Answers may vary
Subukin	1.) TAMA	2.) TAMA 3.) TAMA 4.) MALI 5.) MALI	Balikan	1.) Mali 2.) Tama 3.) Tama 4.) Tama 5.) Tama	Isagawa
1.) TAMA	6.) Diego Silang	7.) Pag-aalasang Agraryo 8.) Pag-aalsa ni Malong 9.) Davao 10.) Lakandula	1. Politikai	Lakandula	Magat Salamat
2.) TAMA	Juan Banal		2. Ekonomiko	Tambiot	Dagohoy
3.) TAMA	Hernano Pule		3. Panrehihiyon	Maniago	Sumuroy
4.) MALI	Diego Silang				Silang

Sanggunian

DepEd-RO8, *TG Araling Panlipunan*, 2016

Gabuat, Maria Annalyn P., Mercado, Michael M., and Jose, Mary Dorothy dL.,
Pilipinas Bilang Isang Bansa, Vibal Group, 2016

Guerra, Restituta San Pedro, Ed.D., *Ang Bayan Kong Mahal*, Abiva Publishing House,
Inc., 1999

Palu-ay, Alvenia P., *Makabayan Kasaysayang Pilipino*, LG&M., 2006

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph